ANG Bayan
Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo

Tomo LI Blg. 15
Agosto 7, 2020
www.cpp.ph




EDITORYAL

# Sa bigong pagharap ni Duterte sa pandemya, sa rebolusyon bumabaling ang bayan

Sa harap ng mabilis na pagkalat ng Covid-19 na gumugupo sa mga ospital, nanawagan sa gubyernong Duterte ang mga manggagawang pangkalusugan ng komprehensibong pagbabago sa estratehiyang kontra sa Covid-19. Sa halip na tugunan ang mga panawagang ito, galit silang sinumbatan ni Duterte sa pagsasapubliko ng kanilang mga panawagan at tinuya silang "kung rebolusyon ang gusto niyo, gawin niyo, ngayon na."

Hindi malayong matuluyan nga si Duterte kung puro pa rin militar at pulis ang pangharap niya sa pandemya at kung hindi niya titigilan ang paninindak sa mamamayan. Lalo lang silang napupukaw dahil sa hirap at pagdurusang hatid ng bigong pagharap ni Duterte sa pandemya. Parami nang parami ang hayagan na ang galit at pagtutol. Lalong lumilinaw sa kanila na si Duterte mismo ang pinakamalaking hadlang sa kakayahan ng Pilipinas na lagpasan ang pandemya.

Dahil sa pasistang oryentasyon at utak ni Duterte at kanyang kampon ng mga palpak na heneral na humahawak sa Inter-Agency Task Force, ang pandemyang Covid-19 ay tinatratong mas usapin ng pambansang seguridad at pampulitikang kaligtasan, kaysa isang krisis sa pampublikong kalusugan. Mas humaling silang sugpuin ang diskuntento kaysa ang bayrus. Sinamantala niya ang sitwasyon para isabatas ang Anti-Terror Law at angkinin ang karagdagang kapangyarihang lagpas sa konstitusyon. Nangangati si Duterte na gamitin ang mga kapangyarihang ito para patahimikin ang lahat at seguruhin ang kanyang poder.

Mula't sapul, binalewala niya ang kahilingang kagyat na ipatupad ang libreng mass testing at libreng paggagamot sa mga pasyenteng may Covid-19. Wala, kulang o huli ang mga hakbang para palakasin ang mga pampublikong ospital at laboratoryo, magrekrut ng karagdagang mga nars, bigyan sila ng sapat na *personal protective equipment,* itaas ang kanilang sahod at bigyan ng segurong medikal.

Nasasagad na ang mga ospital at pasilidad medikal, kaya napupuwersang mag-*rotation* sa trabaho nang 10 araw o higit pa ang mga

duktor at nars. Mas mataas ang tantos ng nahahawa at namamatay na mga manggagawang pangkalusugan. Nabibilaukan na ang mga laboratoryo at di kayang sabayan ang dami ng kailangang eksamenin. Mabagal ang pag-uulat ng datos kaya't bahaw na ang nabubuong impormasyon hinggil sa pandemya.

Dahil dito, patuloy na dumarami ang kaso ng Covid-19 sa Pilipinas, at lalong bulnerable ang mga Pilipino sa pandemya. Sumirit ang mga kaso ng Covid-19 sa 120,000, apat na beses na mas marami kumpara sa nakaraang buwan. Dumoble sa mahigit 2,000 ang bilang ng namatay

Nakasalalay pa rin ang rehimen sa mga *lockdown* para di kumalat ang impeksyon. Tunog Marcos si Duterte na isinsisisi sa mga taong "walang disipina" para bigyang matwid ang mga paghihigpit at pagsupil sa mga karapatan bilang pangunahing tugon sa pandemya. Pinupwersa ang mga tao na manatili sa mga bahay na walang kita o kabuhayan at walang napapanahon at sapat na ayuda.

Sa Metro Manila, ilampung libo ang nagkukumahog na makauwi sa kanilang mga prubinsya. Walang katinuan ang mga patakaran sa pagbiyahe na nagreresulta sa pagipon ng libu-libo sa mga paliparan, piyer at istadyum na naghihintay ng biyahe. Daan-daan ang malamang nahawa dito at nagdala ng sakit sa mga prubinsya. Marami ay nag-ulat na ang una nilang mga impeksyong Covid-19 ay nagmula sa mga umuwing OFW at mula sa Maynila.

Pagkawasak sa ekonomya ang hatid ng nagtagal na mga *lockdown* ni Duterte. Lalong bumilis ang pagdausdos ng ekonomya na sumasadsad na bago pa ang pandemya dahil sa pandaigdigang krisis ng kapitalismo. Milyun-milyon ngayon ang nagugutom at nagiging desperado. Libu-libo ang kailangan nang mamalimos sa kalsada, lalo't marami ang wala pang natanggap na ayudad. Walang plano ang rehimen na mamahagi ng dagdag na ayuda sa kabila ng daan-daang bilyong pisong inutang, pero may plano na kaltasan ang buwis ng dayong malalaking kapitalista.

Sa halip na mamuhunan sa mga produktibong sektor para magmanupaktura ng kinakailangang mga kagamitang medikal at iba pang kailangang mga kalakal para lumikha ng trabaho at bawasan ang pagiging palaasa sa pag-aangkat, nagkandarapa ang rehimen sa pangungutang upang pondohan ang mga batbat sa korapsyong mga proyektong pang-imprastruktura.

Sinamantala ni Duterte ang pandemya upang konsolidahin ang kanyang tiranikong rehimen at ibayong pahigpitin ang kontrol sa pasistang estado. Sa ilalim ng bagong batas sa terorismo ng rehimen, walang kaparis ang dagdag na kapangyarihan para supilin ang kanilang demokratikong mga karapatan. Sa gitna ng pandemyang Covid-19, unang prayoridad ng tirano ang kontrainsurhensya at pampulitikang panunupil.

Sumusuka si Duterte ng pinakamaruruming propaganda laban sa mga pwersang patriyotiko, progresibo at rebolusyonaryo, at pinakakalat ang pinakaatrasado, di siyentipiko at bulok na ideya sa tangkang lasunin ang isip ng mga tao at habampanahon silang panatilihing tuliro. Subalit, habang lalong dumadaluhong ang mga kasinungalingan at pagpapanggap ni Duterte, lalo niyang pinupukaw ang galit ng mamamayan at ginagatungan ang alab ng kanilang damdamin.

Habang lalong ginagamit ni Duterte ang pandemya para pahigpitin ang kapit sa poder, palakihin ang kinakamal na yaman mula sa pondong pampubliko, pagsilbihan ang pang-ekonomyang interes ng pinapaburan mga oligarko, at lalong magmanikluhod sa China at isuko ang soberanyang pang-ekonomya ng bansa kapalit ng pabor pampinansya at pampulitika, lalong nakukumbinse ang mamamayan na walang ibang dapat gawin kundi ang sama-samang isigaw ang pagpapabitiw o pagpapatalsik sa tirano. Alam ng sambayanang Pilipino na hindi pwedeng hintayin ang bakuna o ang 2022, dahil tiyak na bago nito

*"Magkaisa...," sundan sa pahina 3*

ANG Bayan

Tomo LI Blg. 15 | Agosto 7, 2020

Ang *Ang Bayan* ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloco, Hiligaynon, Waray at Ingles.

Tumatanggap ang *Ang Bayan* ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan.

**instagram.com/prwcnewsroom**

**@prwc_info**

**cppinformationbureau@gmail.com**

## Nilalaman

**Editoryal:** Sa bigong pagharap ni Duterte sa pandemya, sa rebolusyon bumabaling ang bayan 1
Opensiba laban sa mapanirang pagmimina 3
Fidel Agcaoili, 75 4
SONAgkaisang protesta 5
SONAng walang kwenta 5
141 aktibista inaresto sa araw ng SONA 6
Pinakamalalang pagbagsak ng ekonomya 6
Mga detatsment sa NCMR 6
Reklamo ng mga mamamahayag 6
Sakahan sa Samar, 88 beses na kinanyon 7
Ang dinastiyang Duterte 7
Pamamayagpag ng mga dinastiyang pulitikal 8
Bakuna sa Covid 19, ganid na Big Pharma 9
Bakuna ng China para sa pautang, impluwensya 9
Mga paramilitar sa Portland, Oregon 10

Ang *Ang Bayan* ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

*"Magkaisa...," mula sa pahina 2*

ay isasadlak ni Duterte ang bayan sa mas malala pang kalagayan.

Patuloy na nagtatagpo ang mga ulap ng makapangyarihang unos. Lumalakas at umiipon ang diskuntento ng mga tao at naghihintay na lumiyab sa isang malaking apoy na tiyak sisindak sa tirano at hihigitan ang pinakamalala niyang bangungot. Dapat pag-ibayuhin pa ng mga tao ang pag-oorganisa at itaas ang kakayahang maramihang pakilusin ang kanilang hanay. Di maglalaon, mapangingibabawan ng sambayanang Pilipino ang terorismo ng rehimen at ang panunupil ng estado, at magagawang tipunin sa lansangan ang kapangyarihan ng bayan. Gustong maniwala ni Duterte na nadaig na niya si Marcos sa nagawa niyang pagtatatag ng diktadura na hindi nagdeklara ng batas militar. Subalit sa katapusan, makikitang wala siyang pinag-iba kay Marcos na pinalayas ng di malulupig na lakas ng nagkakaisang bayan.

Habang pinaiigting ng kinamumuhiang rehimen ang antidemokratiko at anti-komunistang mga pagtuligsa at pag-atake, ang sambayanang Pilipino, laluna ang mga kabataan, ay lalong nagiging bukas sa rebolusyonaryong propaganda at edukasyon. Inilantad ng pandemya ang saligang mga suliranin ng malakolonyal at malapyudal na sistema na malulutas lamang sa pamamamagitan ng demokratikong rebolusyong bayan.

Sa pamamagitan ng walang kapagurang pagpukaw, pag-organisa at pagpakilos sa mamamayan, mabilis na napalalawak at napalalakas ng rebolusyonaryong kilusan ang kanyang hanay kapwa sa lihim na kilusang masa sa kalunsuran at sa armadong kilusan sa kanayunan. Hindi nauupos at hindi nalulupig ang pambansademokratikong hangarin ng sambayanang Pilipino. AB

# Mga opensiba ng BHB laban sa mapanirang pagmimina

Magkakasunod na aksyong militar ang inilunsad ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) para pigilan ang mapandambong na operasyon sa pagmimina sa Western Samar at South Cotabato mula Hunyo hanggang Hulyo.

**Western Samar.** Target ng mga opensiba ng BHB ang mga tropa ng 8th ID na nagsasagawa ng operasyong panseguridad para bigyang daan ang Samar Bauxite Project ng kumpanyang Marcventures Holdings, Inc. Tinatayang sasaklawin ng mapandambong na operasyong minang ito ang 12,231 ektarya ng lupa sa prubinsya na mayaman sa *bauxite*. Ang Marcventures ay pag-aari ng pamilyang Alcantara ng Davao.

Noong Hulyo 1, isang sundalo ang napatay sa operasyong isnayp ng BHB sa Barangay Beri Motiong. Pagkatapos ng insidente, umatras ang yunit militar sa erya kasama ng iba pang mga sundalong nagkampo sa limang kalapit na baryo sa takot na muling mabigwasan.

Noong Hulyo 7, dalawang sundalo ulit ang napatay sa operasyon isnayp ng BHB sa Barangay San Nicolas, San Jose de Buan. Bilang ganti, magkakasunod na paglabag sa karapatang-tao ang isinagawa ng militar militar sa sumunod na linggo. (*Basahin ang kaugnay na artikulo sa pahina 7.*)


**South Cotabato.** Pinaralisa ng BHB noong Hunyo 15 ang mga kagamitan ng kumpanyang Gemma Construction Company, lokal na kontraktor ng mga susing proyektong imprastruktura ng rehimeng Duterte sa Far South Mindanao Region. Naganap ang insidente sa Purok Pag-asa, Barangay Veterans, Surallah. Tinatayang nagkakahalagang P23 milyon ang mga kagamitang sinunog, kabilang ang mga *backhoe*, *payloader* at *dump truck*.

Ang kumpanya ay responsable sa pagtatayo ng mga kalsada sa naturang lugar na direktang nagsisilbi sa Tampakan Copper-Gold Project, isang operasyon sa pagmimina na malawakang nagpapalayas sa mga katutubong Lumad at sumisira sa kanilang lupang ninuno. Pakikinabangan din ito ng mga kumpanya sa agribisnes na agresibong nagpapalawak ng kani-kanilang operasyon sa lugar.

Ang naturang kumpanya ay pagmamay-ari ng negosyanteng si Lora Uy. Nagmamay-ari din ang pamilyang Uy ng daan-daang ektaryang plantasyon ng saging sa T'boli, South Cotabato at notoryus sa pagpapalayas ng mga katutubo sa kanilang mga lupain.

Sa kaugnay na balita, inanunsyo ni Department of Environment and Natural Resources (DENR) Sec. Roy Cimatu noong Hulyo 22 ang muling pagbubukas sa operasyon sa pagmimina ng mga kumpanyang ipinasara at sinuspinde noon ng dating kalihim ng kagawaran na si Gina Lopez. Hindi pinangalanan ni Cimatu ang mga kumpanya. Matatandaang 26 na kumpanya ang ipinasara ni Gina Lopez noong 2016 dahil sa pagdambong ng mga ito sa kalikasan.

Samantala, tatlong sundalo naman ang napatay sa tatlong magkakasunod na engkwentro sa Barangay Baluan, Palimbang, Sultan Kudarat noong Hulyo 26. Isang Pulang mandirigma naman ang namartir.



Isang tropa din 72nd DRC ang napatay habang tatlo ang nasugatan nang pasabugan sila ng BHB sa Barangay Dili, Sta. Cruz, Ilocos Sur, noong Hulyo 31. AB

# Fidel V. Agcaoili, 75




Bumuhos ang mga parangal at pag-alaala kay Fidel V. Agcaoili matapos inianunsyo ng National Democratic Front of the Philippines ang kanyang pagpanaw noong Hulyo 23. Si Ka Fidel ay Tagapangulo ng Negotiating Panel ng National Democratic Front of the Philippines (NDFP) sa usapang pangkapayapaan nito sa Gubyerno ng Pilipinas mula 2016. Pumanaw si Ka Fidel, alas-12 ng tanghali sa Utrecht, The Netherlands. Krinemeyt (ginawang abo) ang kanyang labi noong Hulyo 31 matapos ang isang programang dinaluhan ng pinakamalalapit niyang kaibigan at kasama. Hindi nakadalo ang kanyang pamilya, at marami pang mga kaibigan, kakilala at kasama, dulot ng mga restriksyon sa byahe dala ng pandemya.

"Napakabilis ng mga pangyayari," paglalahad ni Ka Coni Ledesma kaugnay sa pagkamatay ni Ka Fidel. "Isang minuto dumudugo lang ang ilong niya, maya-maya, nawalan na siya ng malay." Hindi na siya umabot sa ospital. Ayon sa mga duktor, namatay siya sa pulmonary *arterial rupture* (pagputok ang daluyan ng dugo mula sa baga tungong puso) na nagdulot ng internal na pagdurugo. Kinlaro ng NDFP na walang kinalaman sa Covid-19 ang kanyang pagkamatay.

Hirap makapaniwala ang mga kasama at kaibigan sa pagpanaw ni Ka Fidel. Ayon sa kay Nwel Saturay, isang kaibigang litratista, isa si Ka Fidel sa mga taong "punung-puno ng buhay, at hindi mo iisiping mangangailangan ng isang litratong pamparangal, at kung sakali man, sa matagal na matagal pang panahon." Kilala siya bilang masayahin, palabiro at madaling biruin, madaling makapagpalagayan ng loob pareho ng mga bata at matatanda. Dahil dito ay nakilala siya bilang "Pidolps" noong bata-bata pa siya at dahil na rin sa pagkahawig niya sa komedyanteng si Dolphy.

"Terible, bok!" ang madalas na marinig sa kanya, laluna kung nagbibiro, ayon kay Atty. Edre Olalia, abugado ng *panel* ng NDFP. May mga pagkakataong inisin at umiinit din ang ulo niya, ayon sa abugado, pero lagi siyang mapagkumbaba.

Sa isang interbyu kay Ka Fidel, kinilala niyang lahat ng tao ay namamatay. Aniya, kinikilala maging ng ilang burges na pilosopo na "ang kahulugan ng buhay ay nasa pagtulong sa iba, para magkaroon ng pagbabago, para mailuwal ang isang pandaigdigang lipunang makatarungan at pantay-pantay." Sa parehong panayam, sinabi niyang tama ang tinahak niyang landas at kung mabibigyan ng isa pang pagkakataon ay ito pa rin ang kanyang pipiliin. "Hindi ako nagsisisi," aniya. "Mananatili ako sa kilusan hanggang sa ako'y mamatay."

Hindi alintana ni Ka Fidel ang sakripisyo. Siya ang pinakamatagal na ikinulong na detenido (11 taon) sa panahon ng diktadurang Marcos. Sa pag-alaala ng mag-asawang Lou at Raffy Baylosis, "datnan at panawan si Ka Fidel ng mga detinido" pero nakangiti pa rin siya at nananatiling matatag habang kumakaway sa mga unang nakakalaya. Sa nagdaang mga dekada, malayo si Ka Fidel sa kanyang pamilya. Ito ay para makaiwas sa mga banta sa kanyang buhay ng paksyong Enrile-Honasan-RAM paksyon noong panahon ng rehimeng Cory Aquino.

Nitong huling mga taon, nagkaroon siya ng oportunidad na makasalamuha ang mga Pulang mandirigma at rebolusyonaryong mamamayan sa mga larangang gerilya. Naging panauhing pandangal siya sa selebrasyon ng ika-46 anibersaryo ng Partido sa Agusan del Sur kung saan nakasama niya si Ka Oris. Personal siyang hinintay ni Ka Oris bago magbukas ang Ika-2 Kongreso ng Partido noong 2018 pero dahil sa kahirapan sa seguridad at ibang gawain, hindi siya pisikal na nakadalo. Gulat at lungkot ang naramdaman ng mga kasamang nakasalamuha niya sa kanayunan nang mabalitaan ang kanyang biglaang pagpanaw.

Pinakamataas na pagpupuri ang ibinigay sa kanya ni Jose Maria Sison, pinunong tagapagtatag ng PKP, at isa sa pinakamalapit niyang kaibigan at kasama. Ayon kay Ka Joma, marapat lamang na bigyang pugay si Ka Fidel bilang bantog na makabayan at isang kapita-pitagang komunista, kahit base lamang sa kung ano ang alam ng publiko sa kanya.

Ginawaran si Ka Fidel ng pinakamataaas na pagpupugay ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas (PKP). (*Basahin ang espesyal na isyu ng* Ang Bayan, *Hulyo* 29.) Una siyang naging myembro ng Komite Sentral ng Partido noong 1970. Nagbigay-pugay din ang BHB ng Pulang saludo sa pahayag na inilabas ni Ka Oris.

Nagpaabot ng pakikiramay ang mga mamamahayag at iba pang myembro ng midya na nakasalamuha niya, mga organisasyong masa sa loob at labas ng bansa, mga partido komunista, at ang gubyerno ng Norway na namamagitan sa usapang pangkapayapaan.

Sa darating na Agosto 8, magiging 76 anyos na sana siya. Kaugnay nito, idineklara ng Komite Sentral ng PKP ang Agosto 8 bilang Araw ng Pag-alala at Parangal para kay Ka Fidel. Inatasan ang mga Pulang mandirigma na itanghal ang kanilang mga sandata sa bukang-liwayway bilang parangal ng Bagong Hukbong Bayan kay Ka Fidel. AB

# SONAgkaisang protesta, idinaos

Muling nagtipon sa University of the Philippines (UP) Diliman, Quezon City ang mga pambansa-demokratikong organisasyon, tradisyunal na oposisyon at iba pang mga grupo at indibidwal noong Hulyo 21. Ito ay sa kabila ng pagbabawal ni Eduardo Año ng Department of Interior and Local Government na maglunsad ng rali sa araw ng State of the Nation Address (SONA) ni Rodrigo Duterte. Ginamit ni Año ang kwarantina para ipagbawal ang pagtitipon at sikilin ang karapatan ng mamamayan na magpahayag ng disgusto sa inutil, korap, papet at pasistang rehimen.


Pinangunahan ang pagkilos ng Bagong Alyansang Makabayan (Bayan) at mga organisasyon nito. Nilahukan ito ng iba't ibang sektoral na grupo sa ilalim ng banderang "SONAgkaisa." Dumalo sa rali ang mga manggagawa sa kalusugan na nakasuot ng personal protective gear, mga titser, taong simbahan, kabataan at estudyante, syentista, abugado, manggagawa, magsasaka, mamamalakaya, maralitang lunsod at iba pa. Imbes na sa Batasan Pambansa, nagmartsa ang mga kinatawan ng blokeng Makabayan, suot-suot ang mga espesyal na damit na naglalaman ng mga panawagan laban sa Anti-Terror Law, para sa ligtas at de kalidad na edukasyon at iba pa. Mula sa kanilang istasyon sa Mother Ignacia St, bumyahe ang mga manggagawa ng ABS-CBN tungong UP. Sa taya ng Bayan, umabot sa 8,000 ang dumalo sa pagtitipon na ginanap mula alas-10 ng umaga hanggang alas-12 ng tanghali.

Sa Tondo, Maynila, raling iglap ang inilunsad ng ilang kabataan at drayber para makaiwas sa pang-aaresto. Dumiretso naman sa Quiapo Church ang ibang raliyista para magsimba. Doon, walang kaabug-abog na hinablot ng mga pulis ang dala-dala nilang mga plakard habang nagaganap ang misa.

Sa hapon, inilunsad ang isang konsyertong *online* ng mga batikang manganganta na tinawag na "Tinig ng Bayan." Dito, nagkaroon ng sabayang pagkanta ng "Di Nyo Ba Naririnig?" na kinatampukan nina Angel Locsin at iba pang kilalang mga artista. Isa ring *music video* ng kantang "Rage" (Galit) ng bandang The Jerks, na nilahukan nina Martin Nievera at iba pa, ang ipinalabas sa Facebook.

Sa Cagayan Valley, kinalembang ang mga kampana sa mga simbahang Katoliko bilang pakikiisa sa mga protesta sa Isabela at Tuguegarao. Sinabayan din ng pagkalembang ng kampana ng mga simbahang Katoliko ang protesta ng mga pambansa-demokratikong grupo sa Baguio City.

Sa Bicol, nagkaroon ng mga rali sa Legazpi City, Albay, Naga City at Catanduanes. Sa Davao City, arbitraryong pinigilan ng mga pulis ang una sanang pagtititipon sa Freedom Park sa ilalim ng *lockdown* sa pamamagitan ng paghingi ng "pass" sa mga nagsidalo, kahit pa hindi ito rekisito. Itinuloy na lamang ng mga raliyista ang pagkilos sa harap ng upisina ng Kilusang Mayo Uno sa syudad.



Nagkaroon din ng pagkilos sa Laguna, Cavite, Pampanga, Tarlac, Iloilo, Capiz, Aklan, Dumaguete, Kabankalan, Bacolod, Cebu at Ozamis.

Sa US, naglabas ng pinag-isang pahayag at nagsagawa ng mga pagkilos ang mga balangay ng Bayan sa New York, New Jersey, Philadelphia, Washington D.C., Chicago, Seattle, Portland, San Francisco-Bay Area, Los Angeles at Hawaii. Sa San Francisco, nagkaraban ang 80 sasakyan at dumalo ang 300 katao sa pagtitipong tinawag na Northern California State of the Nation Address. Ipinanawagan nila ang pagpapatalsik kay Duterte. Sa Washington DC, isang rali din ang inilunsad sa Howard University Hospital tungong Philippine Embassy.

Naglunsad din ng katulad na protesta sa Canada. Nagrali naman ang Anakbayan-France malapit sa Eiffel Tower ng Paris. AB

### SONAng walang kwenta

IBINIGAY NI DUTERTE ang kanyang SONA alas-4 ng hapon sa harap ng 29 kongresista at walong senador. Hindi inimbitahan sa bulwagan ang bise-presidente na si Leni Robredo habang ang lahat ng iba pang kongresista at senador ay nakibahagi sa pamamagitan lamang ng *internet.*

Ginamit ni Duterte ang pagkakataon para atakehin ang kanyang mga kalaban sa pulitika. Wala sa kanyang talumpati ang pakikiramay o kahit interes man lamang sa kalagayan ng mga magsasaka, manggagawa at ibang sektor at uri na pinahirapan ng kanyang inutil, militarista at palpak na tugon sa pandemya.

Tumanggi siyang sitahin ang China sa papatinding panghihimasok nito sa mga teritoryong dagat ng Pilipinas sa South China Sea at sinabi na lamang na "inutil" siya rito. Imbes na mga hakbang kontra-pandemya, muli niyang binuhay ang pagpapataw ng parusang kamatayan, pagbibigay ng mga insentiba sa mga korporasyon at pagpapalawig ng kanyang *emergency powers* para makapagkamal ng dagdag pang kurakot.

# 141 aktibista, inaresto sa araw ng SONA

Sa ulat ng mga organisasyong masa, umabot sa 141 na nasa rali o papunta pa lamang sa rali ang inaresto ng mga pulis noong Hulyo 23.

Sa Metro Manila, 34 ang inarestong aktibista kasama ang limang myembro ng PISTON at 24 aktibista sa Marikina City. Sa Southern Tagalog, umabot sa 85 aktibista na papunta sa pagkilos sa University of the Philippines-Los Banos ang inaresto at pinigilang pumunta sa rali. Kabilang dito ng 62 myembro ng Bayan-Cavite na hinarang at idinetine nang tatlong oras bago sila sinabihang kailangan nila ng *travel pass* para tumuloy.

Sa Bulacan, inaresto ng mga pulis ang apat na residente na myembro ng Kadamay-Pandi na nag-*post* ng larawan sa *social media* bilang pakikiisa sa rali sa UP. Tapos na ang aktwal na protestang *online* nang sila'y arestuhin sa kanilang mga bahay at dinala sa presinto nang walang kaso. Pinalaya ang apat noon lamang Agosto 5. Labingtatlo naman na papunta sa rali sa UP-Diliman ang inaresto sa San Jose del Monte.

Sa Tuguegarao, apat na aktibista ang dinakip, kabilang si Joshua Buyogan ng UP Baguio Outcrop na noo'y kumukuha ng mga larawan para sa dyaryong pangkampus. Sa Cebu, pinatigil ng pulis ang isang *online* na pagkulturang pagtatanghal nang walang ibinigay na dahilan.

Sa lahat ng mga kaso, pareparehong "paglabag sa kwarantina" ang dahilan ng mga pulis sa mga pang-aaresto. Ayon sa mga abugado, wala itong basehan sa anumang batas. Hindi rin mga batas ang mga resolusyon at utos ng IATF kaya hindi maaaring gamiting dahilan. AB

## Pagbagsak ng ekonomya, pinakamalala sa 4 na dekada

BUMAGSAK NANG 16.7% ang halaga ng lokal na produksyon (gross domestic product o GDP) sa ikalawang kwarto ng 2020. Ito na ang pinakamatarik na pagsubsob ng ekonomya sa nagdaang 36 na taon.

Ang pagbagsak ng ekonomya ay kasunod ng pinakamahabang lockdown sa buong mundo na ipinataw ni Duterte dahil walang maagap at tamang pagharap sa pandemya. Ang pagbagsak na ito ay pinakamatarik sa Asia, at nakamamatay sa maraming manggagawa at negosyong Pilipino.

Mas malala ito kumpara sa 10.7% na pagbulusok ng GDP noong 1984, dalawang taon bago bumagsak ang diktadurang Marcos.

Kasabay nito, bumilis ang pagtaas ng presyo ng mga bilhin matapos ideklara ang ikalawang *enhanced community quarantine.*

## Pagtatayo ng mga detatsment sa NCMR, binatikos

PARANG MGA KABUTENG nagsusulputan ang mga detatsment ng militar sa Northern Mindanao sa gitna ng pandemya. Imbes na mga barangay *health clinic*, anim na detatsment ang itinayo ng Armed Forces of the Philippines (AFP) sa nakaraang limang buwan. Ang mga ito ay nasa Barangay Durian, Las Nieves, Agusan del Norte; Balagnan, Esperanza, Agusan del Sur; Sityo Kipunay, Eureka, Gingoog City, Misamis Oriental; Sityo Pangagpungan, Kalabuan, Esperanza, Agusan del Sur; at sa Sityo Mahayag, Namnam, San Fernando, Bukidnon. Walang kakayahan ang mga barangay na ito laban sa Covid-19 at nakaasa sa kalakhan ang mamamayan dito sa mga boluntir para sa kanilang mga medikal na pangangailangan.

Sa isang pahayag, binatikos ng Rebolusyonaryong Organisasyon sa Lumad (ROL) sa rehiyon ang nagpapatuloy na militarisasyon sa mga komunidad ng Lumad. Wala silang nakikitang “bagong normal” sa teror, gutom at hirap na dala ng paghahari ni Duterte at ng kanyang AFP. Sa ngayon, mayroong 16 batalyon sa rehiyon at 189 detatsment ng militar. Ang 163 rito ay mga detatsment ng CAFGU, na kalakha'y mga magsasakang pwersahang nirekrut ng AFP.

## Reklamo ng mga mamahayag kontra panggigipit

NAGSAMPA NG REKLAMO noong Hulyo 30 ang mga mamamahayag ng Altermidya, Pinoy Weekly, Kodao Productions at Bulatlat sa Commission on Human Rights laban sa patuloy na pagbabanta sa kanila ng National Task Force to End the Local Communist Armed Conflict (NTF-ELCAC) at Philippine National Police.

Bahagi ng reklamo ang pagkumpiska ng mga pulis sa libu-libong kopya ng magasing Pinoy Weekly noong Hulyo 26 sa upisina ng Kadamay sa Villa Lois, Pandi, Bulacan. Pilit na pinalabas ng pulis na subersibo ang mga magasin. Naghain din ng hiwalay na reklamo ang isa sa mga patnugot ng Bulatlat na si Danilo Arao dahil sa pagkakadawit sa kanyang pangalan sa gawa-gawang “Oust Duterte Matrix” noong nakaraang taon.

Inaresto sa parehong insidente si Rose Fortaleza na inakusahang namamahagi ng subersibong dokumento. Dinala siya sa presinto at sinampahan ng kasong pagsuway sa awtoridad.

## Mga sakahan sa Samar, 88 beses kinanyon ng 8th ID

Walumpu't walong beses na kinanyon ng 8th ID ang mga sakahan sa mga barangay ng San Jose de Buan sa Western Samar noong Hulyo 14 at 29. Nagresulta ito sa pagbabakwit ng 50 magsasaka mula sa kalapit na mga komunidad.

Hindi bababa sa 64 bala ng mortar at *howitzer* ang pinabugso ng militar sa mga sakahan sa Mt. Huraw malapit sa sentrong bayan ng San Jose de Buan noong Hulyo 14. Sinundan ito ng 24 na panganganyon gamit ang mga mortar sa magubat na bahagi ng Sityo Salvacion, Barangay San Nicolas noong Hulyo 29. Walang yunit ng hukbong bayan ang nag-ooperasyon sa erya sa panahon ng panganganyon. Isinagawa ng militar ang pangaatake gayong alam nila na ang mga eryang ito ang pangunahing pinagkukunan ng mga residente ng pagkain at kabuhayan. Dito sila nangangaso ng makakain at kumukuha ng ratan na kanilang ibinebenta.

Bago nito, inaresto ng mga sundalo ang magsasakang si David Dacles habang pauwi sa kanyang bahay sa Sityo Salvacion noong Hulyo 25. Kasalukuyang nakadetine at iniinteroga ang biktima sa kampo militar sa Barangay Cantato, Paranas.

**Mag-asawang magsasaka, pinaslang sa Northern Samar**

Patay ang mag-asawang magsasaka na sina Alberto at Maritess Durin nang walang patumanggang pagbabarilin ang kanilang bahay ng mga elemento ng CAFGU sa ilalim ng 20th IB sa Barangay Natawo, Palapag, Northern Samar noong Hulyo 26. Sugatan din ang apo ng mga biktima na isang menor-de edad. Ito na ang ikalawang kaso ng walang walang patumanggang pamamaril sa Palapag mula Hunyo.

Naiulat din kamakailan ang pagpaslang ng mga ahenteng militar kay Nonoy Truza, konsehal ng barangay at tagapangulo ng asosasyon ng mga benepisyaryo ng repormang agraryo sa Barangay Nagbinlod, Sta. Catalina, Negros Oriental noong huling linggo ng Hunyo.

**Mga katutubong Tumandok, inaresto sa Negros Occidental**

Magkakasabay na inaresto ng mga elemento ng 62nd IB ang mga katutubong Tumandok na sina Martin Lindayao, Wenie Carillo at Demas Lindayao sa Barangay San Agustin, Isabela, Negros Occidental noong Hulyo 2, alas-7 ng umaga. Bahagi ang insidente ng nagpapatuloy na nakapokus na operasyong militar ng naturang yunit sa erya. AB

## Ang dinastiya ng pamilyang Duterte

Sa kanyang State of the Nation Address 2020 noong Hunyo 27, paulit-ulit na inatake ni Rodrigo Duterte si Sen. Franklin Drilon na naghamon sa kanya na itulak ang pagsasabatas sa Anti-Dynasty Bill. Panukala ni Drilon na ipagbawal ang sabayang pagtakbo ng mga magkamag-anak sa mga elektibong pusisyon sa reaksyunaryong guberno. Lubhang ikinagalit ni Duterte ang umano'y paghalimbawa ng senador sa kanyang pamilya bilang isang dinastiyang pulitikal.

Pitumpu't apat na taon at tatlong henerasyon nang nasa poder ang pamilyang Duterte. Nakapasok ang pamilyang ito sa pulitika noong 1946 nang itinalaga ng noo'y rehimeng Osmeña si Atty. Vicente Duterte, ama ni Rodrigo, bilang pansamantalang meyor ng Danao, Cebu. Matapos lumipat sa Davao City sa 1949, nahalal bilang gubernador ng syudad si Vicente noong 1959. Itinalaga niya si Rodrigo bilang Secretary of the Department of General Services ng lunsod noong 1965. Sa Cebu, naging alkalde ng syudad ang kapatid ni Vicente na si Ramon Duterte noong 1957. Naging alkalde rin ng Cebu City ang anak ni Ramon na si Ronald noong 1986.

Si Rodrigo Duterte ay pangalawang henerasyon sa dinastiya ng kanyang pamilya. Tatlumpu't dalawang taon na siyang walang putol na nakaupo sa poder. Una siyang itinalaga bilang *officer-in-charge* (OIC) o pansamantalang bise ng meyor ng Davao City ng rehimeng Aquino noong 1986. Dala ang pangalan ng kanyang ama, nahalal siya bilang alkalde noong 1988 at nanatiling mayor hanggang 1998. Para ikutan ang mga limitasyon sa termino, tumakbo siya bilang kongresista ng unang distrito ng lunsod noong 1998 at pinalitan siya ng kanyang anak na si Sarah. Naging meyor ulit siya noong 2001-2010 at mula 2013-2016 hanggang sa siya ay tumakbo bilang pangulo. Bise siya ni Sarah sa 2010-2013. Habang nasa poder, ang kapatid niyang si Emmanuel ang kanyang personal na kalihim.

Sa ngayon, dominado ng kanyang mga anak ang lokal na gubyerno ng Davao City. Ang panganay niya na si Paolo ang kongresista sa unang distrito, habang sina Sarah at Sebastian ay alkalde at bise alkalde ng lunsod. Ambisyon si Sarah na maluklok kundiman bilang presidente katulad ng kanyang ama, ay sa isang mataas na pusisyong pampubliko. Pangarap naman ni Rodrigo na mapalawig ang pananatili niya sa poder o ng kanyang hihiranging tagasunod. AB

# Pamamayagpag ng mga dinastiyang pulitikal

Matagal nang pinaghaharian ng mga dinastikong pamilya ang pulitika ng Pilipinas sa lahat ng antas.

Sa listahan ng mga nailuklok noong eleksyong 2019, mayroong 163 pamilya na may hindi bababa sa dalawang kasapi ang nakaupo ngayon bilang senador, kongresista, o di kaya'y gubernador. Walumpu't walo sa mga pamilyang ito ay mula sa Luzon, 29 sa Visayas, habang 44 naman ang sa Mindanao. Hindi ito nalalayo sa eleksyong 2013, kung saan 169 sa 200 mga kongresista ay nagmula sa mga pamilyang nasa pulitika mula pa sa dekada 1960.

Sa kasalukuyang Kongreso, 14 sa 24 senador at 162 sa 300 kinatawan ay mula sa mga dinastikong pamilya. Tinatayang 18 dinastiyang pulitikal ang may dalawa o higit pang kasapi ang nakaupo ngayon sa Kongreso, habang anim naman ang mag-asawa. Sa mga kinatawan ng mga distrito, 153 sa 247 o 62% at siyam na kinatawan ng mga *partylist* ang nagmula sa mga dinastiya.

Samantala, 60 naman sa 81 gubernador sa bansa ang mula sa mga dinastikong pamilya. Mayroon hindi bababa sa 108 kamag-anak ang mga ito na nakaupo rin sa iba't ibang pusisyon sa lokal na gubyerno bilang mga bise gubernador, board member, alkalde, bise alkalde at konsehal.


Liban kay Rodrigo Duterte, nanggaling sa mga dinastikong pamilya ang pinakamataas na upisyal ng bansa. Sa Senado, nakaupo si Sen. Vicente Sotto, pang-apat na henerasyon ng dinastikong pamilyang Sotto mula sa Cebu. Pinamumunuan naman ang Mababang Kapulungan ni Alan Peter Cayetano na ika-2 henerasyong dinastiko mula sa Taguig. Sa gabinete, nakaupo si Mark Villar ng dinastikong pamilyang Aguilar-Villar ng Las Piñas City. Apat na myembro ng pamilyang ito ang kasalukuyang nakaupo sa pinakamatataas na pusisyon sa pamahalaang lunsod ng Las Piñas habang isa pa ang itinalaga bilang *undersecretary*. Sa mga prubinsya, namamayagpag ang mga dinastiyang Singson ng Ilocos Sur (14 na kapamilya ang nasa poder), Dy ng Isabela, Ortega ng La Union, at Matugas ng Surigao del Norte na may tig-siyam na myembro ng pamilya na nasa poder.

Pamana ng kolonyalistang Espanyol ang mga pamilyang dinastiya. Nakonsolida ang mga ito sa paghahari ng kolonyalistang Amerikano kung saan kinasangkapan sa pananakop ang mga lokal na pamilya sa pamamahala ng umuusbong na bansa. Ang iginawad ng mga kolonyalista na kapangyarihan at ari-arian sa mga pamilyang ito ang nagtiyak na mamamayani ang kanilang angkan sa sumunod na mga dekada. Kapalit nito, sila ang pangunahing tagapagtiyak na napapanatili ang kaayusang malakolonyal na pabor sa kanilang mga amo at ang malapyudal na sistema sa lipunang pinakikibangan nila.

Sa sumunod na siglo, ginamit ng mga pamilyang ito ang kanilang pwesto para magkamal ng pondo, lupa, negosyo at mga ari-arian, gayundin ng mga pabor at benepisyo mula sa kapwa nilang mga panginoong maylupa, burges kumprador at iba pang burukrata-kapitalista. Hindi ito nabago sa deka-dekada nang mga eleksyon, at kahit sa pagbagsak ng isang diktadura. Katunayan, umusbong ang 86 bagong mga dinastiya mula nang ibagsak ng isang People Power ang diktadurang Marcos noong 1986. Kabilang dito ang mga Binay ng Makati, Andaya ng Camarines Sur at Cua ng Palawan. Bago nito, mayroon nang 71 dinastisyang pamilya sa pulitika ng bansa.

Sa pamamagitan ng pananatili sa poder ay natitiyak ng mga dinastiko na nakapagkakamal sila ng yaman sa pamamagitan ng pandarambong at pagtanggap ng lagay at kikbak mula sa mga pampublikong kontrata. Natitiyak din nila ang interes sa negosyo ng kani-kanilang mga pamilya, kamag-anak, kaibigan at alyado, habang nakakakuha ng pabor mula sa mga katransaksyong mga kontraktor, ahensyang pinansyal, dayuhang kapitalista at bangko. Nakokonsentra sa kamay ng iilang pamilyang ito ang mga rekurso ng bansa na halos hindi na napakikinabangan ng mga mamamayan.

Sa mas atrasadong mga prubinsya, ang mga dinastiko ay kadalasang mga *warlord* din na nagmamantine ng malalaking pribadong hukbo. Nagpupunla sila ng katapatan sa militar at pulis para protektahan ang kanilang mga negosyo at sindikatong kriminal, at supilin ang sinumang hahamon sa kanilang paghahari. AB



# Bakuna sa Covid-19 at ang ganid na Big Pharma

Bukambibig ni Rodrigo Duterte ang "maghintay sa bakuna" para pagtakpan ang kainutilan at kapalpakan ng kanyang rehimen na apulain ang pandemyang Covid-19 sa bansa. Gayunpaman, wala siyang suporta sa mga Pilipinong siyentista sa pagsisikap na tumuklas nito. Walang saysay at pakitang-tao lamang ang kanyang P10-milyong pabuya sa unang makatutuklas kung wala namang pondo para sa pananaliksik. Bukod dito, wala rin siyang ginagawa para baguhin ang kawalan ng bansa ng kakayahan na magmanupaktura ng anumang bakuna at labis na pagsalalay ng Pilipinas sa pag-aangkat ng gamot.

Walang balak ang rehimen na bakunahan ang mayorya ng mga Pilipino. Ayon kay Duterte, 20 milyon lamang na "pinakamahihirap" sa 110 milyong Pilipino ang ibibili ng gubyerno ng bakuna. Kulang na kulang ito para sa 30 milyong mag-aaral, guro at istap na pinangakuan niya ng bakuna bago buksan ang mga eskwelahan, mga manggagawang pangkalusugan at mga manggagawang nagtatrabaho sa hindi ligtas na mga pagawaan at lugar. Masahol pa, uunahin ni Duterte ang militar. Lagi't lagi niyang idinadahilan ang kawalan ng pondo, kahit pa mahigit $8 bilyon (P400 bilyon) na ang inutang ng kanyang rehimen para panlaban diumano sa pandemya.

**Kontrol ng mga monopolyong kapitalistang Big Pharma**

Hawak ng mga monopolyong kapitalista sa industriyang *pharmaceutical* (pagmamanupaktura ng gamot) na tinatawag ding Big Pharma ang pananaliksik, pagmanupaktura, distribusyon at pagpepresyo sa mga gamot at bakuna sa buong mundo. Ang pinakamalalaking kumpanya ay kinabibilangan ng Johnson & Johnson (US), Roche (Switzerland), Sinopharm (China), Pfizer (US), Bayer (Germany), Novartis (Switzerland), Merck & Co. (US), GlaxoSmithKline (UK), Sanofi (France) at AbbVie (US). Noong 2019, umabot sa $512 bilyon ang pinagsanib na netong kita ng mga kumpanyang ito.



Ang nasabing mga kumpanya ang nag-uunahan ngayon sa pagpapaunlad ng bakuna para sa Covid-19. Nagkakarera sila, hindi dahil sa kawanggawa o mataas na layong makatao, kundi dahil habol nilang kontrolin ang pamilihan o malaking bahagi nito at gayo'y garantiyahan ang kanilang

*"Bakuna...," sundan sa pahina 10*

# Bakuna ng China para sa pautang at impluwensya

Liban sa kita, habol ng China ang makapagpalawak ng impluwensya at magkamal ng pabor mula sa mga bansang nangangailangang bumili ng bakuna. Sa pagkukumahog nitong mauna sa merkado, inaprubahan nito ang paggamit ng kanilang militar sa isa sa pinauunlad nitong bakuna, ang Ad5-nCoV ng Sinopharm, noong Hunyo 25 kahit hindi pa ito pumapasok sa ikatlong yugto ng pagsubok. Pinagagamit na ang di subok na bakunang ito sa nagbabalik-trabahong mga manggagawa sa Beijing at sa mga manggagawang palabas ng bansa matapos na muling tumaas ang bilang ng mga nahawa sa mga syudad nito.

Isa pang kumpanyang Chinese ang nagmamadali sa testing ng ini-eksperimentong bakuna para makahabol sa Oxford. Naghahanda na ang kumpanyang Sinovac na isagawa ang pangatlong yugto ng *clinical trial* sa Brazil kung saan tinetest din ng Oxford ang sarili nitong bakuna. Kapalit nito, tiniyak na ng China na magsusuplay ito ng 100 milyong dosis ng bakuna sa Brazil.

Liban sa Brazil, iilan pa lamang ang mga bansang interesado sa mga bakuna ng China (UAE, Mexico, Canada at Malaysia) dahil may kanikanya nang eksperimento ang malalaking bansa. Para makopo ang merkado sa Latin America at Carribean, nag-alok ang China ng pautang na $1 bilyon sa mga bansa rito para diumano magkaroon ng "akses" sa pinauunlad nitong bakuna. Sa madaling salita, magpapautang ang China para bilhin ang sarili nitong mga bakuna. Paspasan nang itinayo ng China ang dalawang plantang gagamitin sa pagpoprodyus ng mga ito.

Pinalalabas ni Duterte na isang napakalaking pabor na "uunahin" ng China na bentahan ang Pilipinas ng bakuna. Ilang beses siyang nagpasalamat, at nangako pang muling mangutang o magbenta ng mga pampublikong lupa at ari-arian.

Handa siyang isaisantabi ang mga regulasyon ng mga ahensyang nagtitiyak ng kalidad ng mga gamot. Handa rin siyang balewalain ang mga hakbang na nagtitiyak na bukas sa publiko ang proseso tulad ng public bidding sa kontrata sa pagbili ng bakuna para paboran ang mga kasosyo niyang kumpanyang Chinese. Sa huling pahayag mismo ni Duterte, sinabi niyang magkakahalaga ng $10/dosis (P500) ang bakuna mula sa China, mahigit doble sa panimulang presyo ng bakuna ng Oxford/AstraZeneca na $3-$4/dosis. AB

"Bakuna...," mula sa pahina 9

dambuhalang kita. Tinatayang kumita na ang Pfizer ng $2 bilyon sa unang tatlong buwan ng pandemya. Dagdag ito sa $16-bilyong tubo ng kumpanya noong 2019. Ang Johnson & Johnson naman ay nakatakdang magkamal ng dagdag na $5-bilyon sa tubo ngayong taon, o mas mataas ng halos kalahati sa naitala nito noong nakaraang taon.

Noong Hulyo 28, mayroon nang 226 kandidatong bakuna pero 25 lamang dito ang nasa *clinical trial* o sinusubok na sa tao, at lima pa lamang ang umabot sa pangatlo at huling yugto. Ang mga bakunang ito ay pinauunlad ng Pfizer (US) at BioNTech (Germany), Moderna (US), Oxford at AstraZeneca Plc (UK), Sinovac (China) at Sinopharm (China). Ang bakunang pinauunlad ng Sanofi (France) at GlaxoSmithKline (UK), gayundin ang isa pang gawa ng Johnson & Johnson (US), ay nasa ikalawa at ikatlong yugto na ng *clinical trial*. Sa Setyembre pa nakatakdang simulan ang ikatlong yugto nito.

Nagkakani-kanya at mahigpit na naglilihiman ang mga kumpanyang ito sa pananaliksik at pag-eeksperimento sa paggawa ng bakuna sa Covid-19. Walang makapagsasabi kung totoo o hindi ang inilalabas na mga pahayag sa publiko na "malapit na" o may breyktru na ang kanilang pananaliksik. Bahagi ito ng mga taktika para sa manipulasyon ng kapitalistang pamilihan at para itulak paitaas ang presyo ng kanilang mga produkto at sapi sa stock market.

Gayunpaman, ayon sa mga ekspertong nagmomonitor ng industriya, malamang sa huling bahagi pa ng 2021 o di kaya'y sa 2022 masisimulan ang malakihang produksyon ng bakuna. Ang mailalabas na mga bakuna sa 2021 ay malamang na aaprubahan para lamang gamitin sa mga kasong pang-*emergency*. Sa karanasan ng industriya, pinakamaiksi na ang lima hanggang pitong taon ng tuluy-tuloy na pagpapaunlad sa isang bakuna bago ito bigyan ng lisensya.

Tinutuklas pa kung ligtas at epektibo ang mga bakunang iniieksperimento. Ang bakunang pinauunlad ng Oxford ay nag-ulat ng di kanaisnais na mga epekto *(side effect)* tulad ng pananakit ng katawan, panghihina at lagnat sa mga tinurukan nito. May katulad ding epekto ang natuklasan sa unang bahagi ng iniieksperimentong bakuna ng Moderna. Wala sa limang umabanteng bakuna ang inaasahang mabibigyan ng lisensya bago ang katapusan ng taon.

Sa kabila ng wala pang linaw kailan magkakabakuna, nag-uunahan na ang mga imperyalistang bansa na kopohin ang suplay nito. Mayroon nang mga kasunduan sa pagitan ng mga gubyerno at mga kumpanya ng gamot sa mga imperyalistang bansa para sa 250 milyong dosis kahit hindi pa tapos ang mga pag-eeksperimento. Kabilang sa mga ito ang gubyerno ng UK na nakipagkasundo na sa GlaxoSmithKline at Sanofi para bumili ng 60 milyong dosis. Dagdag ito sa kasunduang 100 milyong dosis ng bakuna ng Oxford/AstraZeneca Plc. Ang US, sa kabilang banda, ay nakipagkasundo sa Pfizer at BioNTech para bumili ng 60 milyong dosis ng bakuna sa halagang $1.8 bilyon. Mayroon na ring mga kasunduan ang European Union at Japan sa nabanggit na mga kumpanya.

Sa tindi ng pag-uunahan, nabili o naipangako na ang mahigit isang bilyong dosis ng iba't ibang bakuna kahit hindi pa ito minamanupaktura. Mag-aaagawan ang iba pang mga bansa sa matitira o maghihintay kung kailan makapagmamanupaktura ng mas marami ang Big Pharma. Kung aabutin ang lahat ng tao sa mundo, kakailanganin ng lahat ng mga kumpanyang magprodyus ng hanggang 14 bilyong dosis para sa mga bakunang kailangan ng dalawang turok. Magtatagal pa ito laluna't may mga tayang sa unang kwarto pa ng 2022 maabot ang target ng pagmamanupaktura ng 1 bilyong dosis.

Dahil sa pag-uunahan ng mayayamang imperyalistang bansa, nawawalan ng saysay ang deklarasyon ng alyansang Covax para isulong ang layunin ng pantay na akses sa bakuna. Ang alyansa ay pinangunahan World Health Organization at Coalition of Epidemic Preparedness at kinabibilangan ng 145 mahihirap na bansa. Bahagi ng Covax ang Pilipinas. AB

## Trump, nagdeploy ng paramiltar para supilin ang mga rali sa Portland

NAGING SENTRO NG balita ang Portland, isang syudad sa Oregon, US matapos magpadala ng mga ahenteng pederal si Donald Trump noong Hulyo 4 para supilin ang mga protestang masa sa lugar. Galit at alarma ang naramdaman ng mamamayan sa syudad nang magsimulang mandukot at arbitraryong mang-aresto ang mga nakasibilyang pwersang ito ng mga raliyista. Gumamit ang mga paramilitar ng *tear gas, rubber bullets, pepper spray* at mga *flash grenade* para buwagin ang gabi-gabing demonstrasyon sa harap ng isang gusaling pederal.

Ang mga ahenteng pederal ay pwersang paramilitar na direktang nakapailalim sa awtoridad ng Department of Homeland Defense. Kaiba sila sa mga pulis na kontrolado ng mga estado o bayan sa US. Halos dalawang buwan nang nagpoprotesta ang mamamayan dito kaisa ng kilusang Black Lives Matter.

Kinundena mismo ng meyor ng Portland City at gubernador ng Oregon ang pagpadala ni Trump ng mga ahenteng pederal sa syudad at ang paggamit ng militaristang taktika para supilin ang mga raliyista. Mas malalaking protesta ang iniluwal ng kanilang karahasan at presensya. Noong Hulyo 23, tumanggi ang lokal na gubyerno rito na makipagtulungan sa mga ahenteng paramilitar at nanawagang paalisin sila sa syudad.